

Paglutas ng Iyong Mga Alalahanin

Magagawa natin ito nang magkasama. Ang Catholic Children's Aid Society ng Toronto ay nakatuon sa pag-aalok ng pinakamahusay na mga posibleng serbisyo sa mga bata, mga kabataan, at mga pamilyang pinaglilingkuran namin. Hinihikayat ka naming makipagtulungan sa iyong Manggagawa sa Proteksyon ng Bata at sa kanilang Superbisor upang matugunan ang mga isyu ng mas maaga bago sila maging mas kumplikado. Kung sa anumang oras ang iyong alalahanin o reklamo ay hindi nalutas sa iyong kasiyahan, maraming mga paraan upang malutas ang iyong mga alalahanin, sa loob man o labas at ang mga ito ay nakabalangkas sa kasamang polyeto, na tinatawag na "Paglutas ng Iyong Mga Alalahanin".



Ang Iyong Puna at mga pananaw at Mahalaga

Palagi naming gustong pagbutihin ang mga serbisyong inihahatid namin, kaya tinatanggap namin ang iyong mga puna at pananaw anumang oras sa panahon ng aming pagbibigay serbisyo sa iyo. I-scan ang QR code sa ibaba upang magbigay ng iyong feedback.



Makukuha din ang aming mga serbisyo sa Pranses. Mangyaring ipaalam sa amin kung ito ang mas gusto mo.



2206 Eglinton Ave E
Toronto, Ontario
M1L 4S7

Tagalog



Paano Kami Makakatulong?



Ano ang Ginagawa ng CCAS?

Ang Catholic Children's Aid Society ng Toronto (CCAS) ay nakikipagtulungan sa mga pamilyang Katoliko upang magbigay ng iba't ibang mga serbisyo sa mga bata at kabataan hanggang sa edad na 18 taong gulang na maaaring nasa panganib. Nag-aalok kami ng mga serbisyo at mga suporta sa parehong opisyal na wika upang palakasin ang mga pamilya at pahusayin ang kapakanan at kaligtasan ng mga bata at kabataan. Ang CCAS ay napapatakbo sa ilalim ng Batas sa mga Serbisyo sa Bata, Kabataan at Pamilya ng Ontario, at isa kami sa apat na mga ahensya ng proteksyon ng bata sa Toronto.

Kailan Nakikilahok ang CCAS?

Ang bawat bata at kabataan ay may karapatang manirahan sa isang ligtas na kapaligiran na walang panganib. Ang sinumang naniniwala na ang isang bata o kabataan ay maaaring nasa panganib ng pinsala ay dapat tumawag sa isang Children's Aid Society. Ang mga propesyonal ay may pinahusay na tungkulin na tumugon sa ilalim ng batas. Ang CCAS ay tumatanggap ng mga pagsasangguni mula sa mga propesyonal, at mula sa mga kabataan at mga tagapag-alaga mismo.

Ano ang susunod na mangyayari?

Kung makatanggap kami ng mga alalahanin tungkol sa kapakanan o kaligtasan ng isang bata o kabataan, isang kinatawan mula sa CCAS ang makikipag-ugyanan sa tagapag-alaga, at sa bata o kabataan. Ang impormasyong ibinigay sa isang Children's Aid Society ay nakadokumento sa isang database ng lalawigan, na makikita ng lahat ng mga ahensya ng kapakanan ng bata.

Paano Makakatulong ang CCAS?

Makikipagtulungan kami sa iyo upang magplano, tumulong, at suportahan ang iyong pamilya. Sa iyong pahintulot, maaari kaming makipagtulungan sa mga serbisyo sa komunidad at mga propesyonal na maaaring tumulong sa iyong pamilya. Nagbibigay ang CCAS ng malawak at iba't ibang mga serbisyo ng suporta, pinagaang pagpupulong, paghahanap ng pamilya, mga espesyalista sa kalusugan, programa ng mga serbisyo sa imigrasyon, at suporta sa Karahasan Laban sa Kababaihan.

Ang pakikipagtulungan sa CCAS ay maaaring magbigay ng iba't ibang mga paraan upang matugunan ang mga alalahanin o mga isyu, gayunpaman ito ay gagawin sa pakikipagtulungan sa pamilya at ibat ibang suporta sa komunidad. Ang aming mga Manggawa sa Proteksyon ng Bata ay sinanay at may karanasan at nag-aalok ng suporta, adbokasiya, at payo kung paano palakasin ang iyong pamilya at, kung kinakailangan, ikonekta ka sa mga kapaki-pakinabang na programa at serbisyo sa komunidad. Ang aming layunin ay magbigay ng pantay na serbisyo na naaayon sa natatanging kultura at mga pagkakakilanlan ng iyong pamilya upang makamit ang mas mahusay na mga resulta.



**Makipag-ugnayan sa
amin**

**24 na oras bawat araw
7 araw bawat linggo**

416-395-1500

www.torontoccas.org